# Katekista

Mga Tulang-Pananaliksik Hango sa
*National Catechetical Study (NCS) 2016-2018*

ni **CLARENCE M. BATAN**
Orihinal na isinulat sa **Filipino** at isinalin sa sampung wika.

**Mga Tagasalin**

Bikol
Erlinda Balaoro
Ma. Danielle Villena

Bisaya
Fr. Nelson S. Plohimon, OAR
Ma. Cecilia L. Balajadia
Msgr. Maximo Sarno

Hiligaynon
Ray Anthony Bofill
Fr. Nelson S. Plohimon, OAR
Cynthia P. Tendencia

Ibanag
Fr. Carlos C. Villanueva

Ilocano
Fr. Carlos C. Villanueva
Florence C. Navidad
Rolando O. Dela Cruz

Kapampangan
Charles Henry C. Espiritu

Pangasinan
Norma Villapa
Corazon Q. Targa

Waray
Ma. Joselyn Año-Cabato
Gloria Año-Oray

English
Luciana L. Urquiola
Jeanette P. Grajo

Español
Abigail T. Pagalilauan

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

## KWENTO NG DISENYO NG PABALAT AT LAYOUT

Ang pabalat ng libro ay dinisenyo ni **Romel G. Sencio**, isang freelance research assistant, multimedia artist, photographer, at videographer. Siya ay nagtapos ng *Bachelor of Arts in Sociology* sa *Mindanao State University – Iligan Institute of Technology* at sa kasalukuyan ay isang *online-based research assistant* ng *NCS 2021: PARI Project* sa University of Santo Tomas.

Mula sa inspirasyon ng logo ng *NCS 2021: PARI Project*, makikita sa pabalat ang ginuhit na kalapating sumisimbolo sa Banal na Espiritu Santo na lumulukob sa salitang *Katekista* na waring malikot na nagsasayaw sa paikot na *paint brushes* na may mga kulay na berde, kayumanggi, at dilaw. Ang berde ay opisyal na kulay ng *NCS 2021* hango sa logo ng *CBCP-ECCCE*. Ang kayumanggi ay sumisimbolo sa kulay ng balat ng mga Pilipino . Ang dilaw ay sinasagisag ang kulay ng Simbahang Katoliko at ng UST. Sa kabuuan ng layout, makikita ang paglalaro ng mga kulay na ito gamit ang *paint brushes* na kumakatawan sa mapagkumbaba at makahulugang galaw ng buhay ng mga katekistang naging respondents sa pag-aaral na ito.

# Katekista

Mga Tulang-Pananaliksik Hango sa
*National Catechetical Study (NCS) 2016-2018*

ni **CLARENCE M. BATAN**
Orihinal na isinulat sa **Filipino** at isinalin sa sampung wika.

NCS 2021 PARI PROJECT
CBCP . ECCCE . UST . RCSSED

2020

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

**Prepubliction Online Draft | April 2020**
Dahil sa COVID-19 pandemic, naantala ang paglilimbag ng libro. Bilang pasasalamat, pagkilala at panalangin sa mga katekista at Simbahang Katoliko sa pagdiriwang ng *Pasko ng Pagkabuhay* sa taong 2020, ang malaking bahagi ng libro ay isinapubliko *online* sa labing-isang wika. Ang encrypted PDF files ay *secured*, at maaring i-download sa www.ncs2021pariproject.com ngunit hindi pwedeng i-print, i-edit o baguhin. Ang anumang pagkakamali ay hindi sinasadya at pananagutan ng may-akda at mga tagasalin. Maaaring ipahatid ang anumang komento o suhesyon sa ncs2021pariproject@gmail.com.

**Karapatang-ari © 2020**
Ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines'(CBCP) – Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)*; *University of Santo Tomas' Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)* at ni *Clarence M. Batan.*

Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama na ang karapatan sa muling paglilimbag at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari.

Disenyo ng libro
ni *Romel G. Sencio*

Ang *National Catechetical Study (NCS) 2016-2018* at *NCS 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project* ay mga komisyong-pananaliksik ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)* sa *University of Santo Tomas' (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED).* Ang pondo sa pananaliksik ay ipinagkaloob ng *Porticus Asia, Ltd.*, UST at CBCP.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# MGA NILALAMAN

Handog **III**

Pasasalamat **IV**

**Prologo**
*Katekista, Katekesis, Katoliko* **VIII**

**Paanyaya**
*Kwentong-Katekista* **X**

**Panimula**
*Ang Tulang-Pananaliksik:*
*Sulyap, Suri't Subok sa Sosyolohiya*
*ng mga Katekistang Pilipino* **XIII**

**Pahinungod**
*Ang Hamon at Yaman ng Pagsasalin*
*sa Proyektong NCS 2016-2018* **XIV**

## MGA TULANG-PANANALIKSIK

Filipino **F1**
Bikol **Bk1**
Bisaya **Bs1**
Hiligaynon **H1**
Ibanag **Ib1**
Ilocano **Ic1**
Kapampangan **K1**
Pangasinan **P1**
Waray **W1**
English **Eng1**
Español **Esp1**

**Epilogo**
*Ang Yaman at Mga Hamon ng Katekistang-Lingkod* **XVII**

Mga Tagasalin **XVIII**

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# HANDOG

Para sa mga minamahal naming
**Mga Katekistang Pilipino**



Sa aming pananaliksik, ang mga **KATEKISTA** ang maituturing nating natatagong “K” ng ating simbahan.

Hindi “karapatan”, “kapakanan” o “kakayanan” kundi “kayamanan”.

Ang mga **KATEKISTA** ang maituturing ng natatagong **KAYAMANAN** ng ating simbahan.

Alagaan po natin sila.

NCS Research Team
UST RCSSED

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# PASASALAMAT

Ang librong ito ay bunga nang halos apat na taong pagdalaw (2016-2020) sa iba't ibang *Ecclesiastical Territories (ETs)* sa buong Simbahang Katoliko ng ating bansa. Mula Aparri hanggang sa Basilan, samu't saring mga naglilingkod sa ating Simbahan ang aming nakadaupang-palad – nakausap, nakakuwentuhan, at higit sa lahat, nabahaginan ng mga *research finding* ng *National Catechetical Study (NCS) 2016-2018* na ang focus ay tungkol sa mga buhay ng mga Katekistang Pilipino. Isa sa pinakagustong bahagi ng aming presentasyon ay ang mga tulang-pananaliksik.

Kaya't sa ngalan ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines'(CBCP) – Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)* sa pamumuno ni Bp. Roberto C. Mallari, DD, at ng *University of Santo Tomas' (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)*, ang NCS Research Team ay lubos na nagpapasalamat sa mga sumusunod:

- Sa pamunuan ng CBCP sa pangunguna ni Abp. Ramon Valles ng Archdiocese of Davao, at lahat ng kasamang mga obispong tumulong at kumalinga sa aming pananaliksik;
- Sa mga bumubuo ng technical working group at advisory council ng CBCP-ECCCE sa nakaraang apat na taon (2016-2020) lalo na kina Msgr. Gerry Santos, Fr. Ernesto de Leon, Sr. Ma. Jesusa Enginco, O.P, Annalee Tenefrancia, at sa maraming consultant at lider kateketikal na nagbigay ng suporta sa NCS;
- Sa pamunuan ng UST, mula sa aming Rector na taos-pusong tumulong upang maisakatuparan ang NCS, si Fr. Herminio V. Dagohoy, O.P.; ang kasalukuyang Rector Fr. Richard G. Ang, O.P.; ang aming consultant at taga-suporta, Fr. Pablo T. Tiong, Vice Rector for Religious Affairs; ang Dominican community; ang mga taga-pamuno sa pananaliksik na sina Prof. Maribel G. Nonato, PhD, Vice Rector for Research and Innovation, Prof. Belinda de Castro, PhD, RCSSED Director; kasama rin ang tulong-suporta ng aming mga kapwa-mananaliksik sa RCSSED at mga adminstrative staff na sina Ma. Carmelita Santos at Arabella San Agustin-Mejorada; at inspirasyon ng mga kasama namin sa Faculty of Arts and Letters sa pamumuno ni Dean Marilu R. Madrunio, PhD; sa Department of Sociology, at sa buong kolehiyo;

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

- Sa lahat ng mga naging bahagi ng NCS research team mula sa UST – ang unang grupo ng mga mananaliksik mula 2016-2018 na sina Joan Christi S. Trocio-Bagaipo, Florence Co Navidad, Ma Cecilia L. Balajadia, Louell V. Baldoza, Dennis Ian B. Sy, Joanne C. Santiago, Arthur Ace B. Malatag; at ang lahat ng naging bahagi ng NCS 2021 na sina Ma. Cecilia L. Balajadia, Florence Co Navidad, Heiden Anorico, Ruth DL. Andaya, Ma. Danielle Villena, Jaycar Espinosa, Tisha Isabelle M. de Vergara, at mga nagbigay-tulong na sina Kristine Meneses, Joanne C. Santiago, Debbie Mariz Manalili, Emmanuel I. Bernardino, Ina Francesca G. Deuna at Mary Camille S. Cabatu; gayundin ang aming mga Sociology research assistants na sina Riva Charlene Caragdag, Jovilu Ann Corpuz, Mark David Derayunan, Ninna Sandra F. Fernandez, Celda Palma, Romer Harvey Salud, at Denise C. Tumaneng;

- Sa mga guro, estudyante, seminarista, pari, madre, at layko mula sa iba't ibang ET, na nagsilbing mga research assistant, survey enumerator, encoder, transcriber, proof-reader, at iba pang gawaing-pananaliksik;

- Kay Romel G. Sencio, sa pagpapaunlak na magdisenyo ng una niyang libro; ang iyong sining at talento ay tunay na nadama sa bawat pahina ng librong ito;

- Sa mga nagsalin ng mga tulang-pananaliksik sa sampung wika na sina Erlinda Balaora at Ma. Danielle Villena (Bikol); Fr. Nelson S. Plohimon, OAR (Bisaya at Hiligaynon); Ma. Cecilia L. Balajadia at Msgr. Maximo Sarno (Bisaya); Ray Anthony Bofill at Cynthia P. Tendencia (Hiligaynon); Fr. Carlos C. Villanueva (Ibanag at Ilocano); Florence C. Navidad & Rolando O. Dela Cruz (Ilocano); Charles Henry C. Espiritu (Kapampangan); Norma Villapa at Corazon Q. Targa (Pangasinan); Ma. Joselyn Año-Cabato, Gloria Año-Oray (Waray); Luciana L. Urquiola at Jeanette P. Grajo (English); Abigail T. Pagalilauan (Español) at sa mga iba pang tumulong sa proseso ng pagsasalin at unang nakasilip ng *translation drafts* na sina Cecilia Medina (Filipino); Fr. Jupe Garalde (Bikol); Sr. Lydia Perales, TDM, Fr. Roy F. Mejias, at Phoebe Zoe U. Sanchez (Bisaya); Edith R. Banguilan at Wilma T. Aggabao (Ibanag); Ruth Rivera at Keith Joven (Kapampangan); Fr. Pablo T. Tiong, O.P., Fr. Benedict Villapa, Fr. Reynor Munsayac, O.P., Jefferson S. Aquino, Bro. Wilhelm Boñon at Korina Carla Targa - Boñon, (Pangasinan); Sr. Mariben M. Espinosa, LGC, at Fr. Cyril Caliba (Waray);

- Sa mga naglaan ng pondong-pananaliksik - ang CBCP sa pangunguna ng ECCCE, iba't ibang Ecclesiastical Territories, UST,

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

at international research grant mula sa Porticus Asia, Ltd.;

- At higit sa lahat, sa mga Katekistang nagpaunlak na ang kanilang buhay ay maisiwalat, masuri, maisalaysay at maikwento sa NCS tulad ng metodong tulang-pananaliksik sa librong ito.

Hindi man namin maisa-isang mapangalanan ang mga libu-libong Simbahang-lingkod na naging instrumental upang mabuo ang librong ito, sigurado po kaming sa pamamagitan ng aming dalanging-pasasalamat, ang Poong Maykapal na po ang maghahatid sa inyo ng biyaya at pagpapala. Amen.

**Clarence M. Batan**
Abril 7, 2020

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Prologo
## *Katekista, Katekesis, Katoliko*

ni **Clarence M. Batan**
*Project Lead, NCS 2016-2018*
*Principal Investigator, NCS 2021: PARI Project*

Sa gitna ng *COVID-19 pandemic* na sadyang nagpatigil ng ating mga karaniwang-gawain dulot ng malawakang *Enhanced Community Quarantine (ECQ)*, minarapat ng *NCS 2021: PARI Project Research Team* na ilunsad ang prepublication online draft version ng librong ito upang tugunan ang tatlong mahahalagang dahilan.

Ang unang dahilan ay ang libu-libong mga Katekistang napakinggan na ang mga tulang-pananaliksik sa aming mga research presentation sa buong bansa. Madalas, humihingi sila ng kopya nito para ibahagi sa kanilang kapwa-katekista, mga ka-parokya, kasama sa organisasyon, sa pamayanang kanilang kinabibilangan, at sa kanilang mga kapamilya. Pangako namin na ilalathala namin ito at isasapubliko upang masulyapan nila sa mga taludtod ng mga tula - ang buhay at kahulugan ng kanilang pagiging katekista, at kung bakit sa aming pananaliksik, sila ay itinuturing naming mga natatagong kayamanan ng ating simbahan.

Ikalawa ay ang nakaaantig na mga reaksyon ng mga unang nakabasa, nakasulyap, nakarinig ng mga tulang-pananaliksik. Samantalang ang *qualitative technique* na ito ay ginagamit na sa ilang disiplina ng agham panlipunan, maraming nagulat na pwedeng gamitin ang porma ng "tula" upang katawanin ang datos mula sa pananaliksik. Tradisyunal na *social statistics* at naratibo gamit ang *coded-quotations* ang una naming ginamit sa presentasyon sa mga katekista. Tanggap at may pagsang-ayon naman ang mga katekista sa mga *research finding* pero mas gusto nila ang mga kwentong hango sa mga *interview* at *focus group* sa likod ng mga numero at *bar charts*. Kaya gamit ang mga literatura, kwento, *codes, field notes*, at iba pang materyales, sa maraming pagsubok, sinuri ko ang mga datos, pumili ng mga *codes* upang malaman ang tema ng isang *research finding* na kakatawanin sa iilang piling salita na bubuo sa isang "tula". Ang tulang ito ay hindi kathang-isip o dulot ng isang inspirasyon. Bagkus, ito ay non-fiction, mula sa datos, mga *codes* at tema ng pananaliksik. Ang buod at kaluluwa ng pagsusulat ng tula ay hindi ang magtago ng kahulugan ngunit upang maisiwalat ang akma at totoong realidad ng sinasaliksik. Na sa iilang piling salita, sa pagpinta ng *research finding*, huhugutin ang mga kulay mula sa datos habang pababayaan ng mananaliksik na ang katotohanan ang mangusap, magsabi, at magpaliwanag sa bawat taludtod ng tula. Ito ang mga tulang-pananaliksik na sa mga katekista ay nagbabadya ng waring bagong metodo ng katekesis. Obserbasyon namin,

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

mukhang matagal nang naghihintay ang mga katekista na magkaroon sila ng mga bagong *catechetical material* at *module* para mas epektibo nilang harapin ang hamon ng katekesis at new evangelization.

Ang ikatlo at panghuling dahilan ay tungkol sa ating mga Katoliko, partikular tayong mga Katolikong Pilipino. Sa aming pag-ikot sa bansa, sa maraming mga simbahan, madalas una kaming naeengganyo sa ganda ng mga istruktura ng mga katedral at mga bahay-dalanginan. Ngunit matapos naming makausap ang mga katekista, doon namin laging nababanaag ang tunay na "Simbahan". Ang simbahang may malaking letrang 'S', dahil ang mga katekista ay tunay na nagpapamalas ng malalim na kahulugan ng pagka-Katoliko – ang tunay na maglingkod sa Panginoon nang walang bayad, maglaan ng panahon at talento kahit limitado, mag-aral at magturo ng tungkol sa pananampalataya, at hikayatin ang marami na maging bahagi ng isang pamayanang Kristiyano na yinayakap ang mga doktrinang pang-Katoliko. Ang mga katekista ay mahalagang bahagi sa pagbubuo ng Simbahang Katoliko. Mahalagang alagaan natin sila at mas mahalagang matanto kung paanong mas marami sa atin ang susunod sa kanilang mga yapak upang maglingkod din bilang katekista. Dahil bilang mga Katoliko, lahat tayo ay tinatawag na maging katekista.

Hindi po perpekto ang *prepublication online draft* na ito. Bukas ito sa mga pagbabago at suhesyon. Inilathala po namin ito sa ganitong *format* bilang pasasalamat, pagkilala at panalangin sa mga katekista at Simbahang Katoliko sa pagdiriwang ng *Pasko ng Pagkabuhay* sa taong 2020. Ang malaking bahagi ng libro ay isinapubliko online sa labing-isang wika. Ang encrypted PDF files ay *secured*, at maaaring i-download sa www.ncs2021pariproject.com ngunit hindi pwedeng i-print, i-edit o baguhin. Ang anumang pagkakamali ay hindi sinasadya at pananagutan ng may-akda at mga nagsalin. Maaaring ipahatid ang anumang komento o suhesyon sa ncs2021pariproject@gmail.com .

Nawa'y ang handog na ito, ang *KATEKISTA: Mga Tulang Pananaliksik hango sa National Catechetical Study (NCS) 2016-2018* ay mabasa ng maraming nais malaman ang dahilan kung bakit hanggang ngayon, buhay na buhay pa rin ang pananampalatayang Katolikong Kristiyano sa bansang Pilipinas.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Paanyaya
## *Kwentong-Katekista*

ni **Bishop Roberto C. "Bobet" Malllari, DD**
*Chair, CBCP-ECCCE*
*Bishop, Diocese of San Jose de Nueva Ecija*

Simula pa noong 2016, nang muling inilunsad ang National Catechetical Study ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)* na kasalukuyan kong pinamumunuan, naging daan ang pananaliksik na ito upang kilalanin ang mga bayaning Katekista na walang sawang pumupunta sa mga pampublikong paaralan upang magturo ng mahahalagang aral tungkol sa ating Panginoong Hesukristo, sa mga sakramento, at sa marami pang bagay tungkol sa ating buhay-pananampalataya bilang mga Katoliko. Lalo ko pang nakita ang halaga nila kapag naalala ko ang nakakatuwang kwento ng aking mahal na Tatay.

Ang aking Tatay ay ulilang lubos simula pa noong pitong taong gulang siya. Kwento niyang may bahid na lungkot sa akin,

> "Anak, hindi madali ang maging ulila, para bang nasa dilim ka palagi dahil walang matandang tumutulong at gumagabay".

Pero waring gumaan ang lahat noong una niyang nakilala ang Panginoon sa pamamagitan ng kanyang Tiyo na isang Katekista. Ito ang masayang alaala ni Tatay sa kanyang unang katekista:

> "Ang aking Tiyo ang unang nagturo sa aking magdasal ng *Ama Namin*. Habilin niya sa akin, kapag litong-lito ako at hindi ko alam ang aking gagawin, pumunta lang daw ako sa simbahan, humarap sa altar at magdasal ng *Ama Namin* nang paulit-ulit. At magbuhat noon, kapag ramdam ko ang bigat ng mga problemang aking pinagdaraanan, ito ang aking ginagawa – ang paulit-ulit na dasalin ang *Ama Namin*. At walang mintis! Anak, kapag nararanasan ko ang dilim sa akin buhay, lumiliwanag ang anumang suliranin, matapos akong magdasal, at nalalaman ko kung ano ang tama kong gawin."
>
> "At ang isang kalituhan sa aking buhay na labis na nagbigay sa akin ng takot at pangamba ay noong malapit na akong ikasal sa iyong Nanay. Naku, nakaramdam ako nang malaking takot noon dahil sa nangyari sa aking buhay na naulila akong maaga. Naisip kong baka mamatay agad ako at ang aking mapapangasawa. Magiging mahirap ang sitwasyong ito para sa aming magiging mga anak. Ayaw ko silang maging ulila tulad

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

> ko. Dahil dito, nagbalak talaga akong umurong sa aming kasal. Sobrang takot ang aking nadama noon."
>
> "Pero tulad ng habilin ng aking Tiyong katekista, dumalaw ako sa simbahan at doon, paulit-ulit kong dinasal ang *Ama Namin*. Anak, habang nagdarasal, doon ko nadama ang kapayapaan at nadama ko na gusto ng Diyos na pakasalan ko ang Nanay mo."
>
> "Yan ang istorya ng simula ng aming pagmamahalan ng iyong Nanay at kayong aming mga anak."

Sa kwentong ito ni Tatay, nabatid ko ang kahalagahan ng simpleng pagdarasal na natutunan niya mula sa isang katekista. Totoo nga, pabiro ko lang naisip na kung nagpatalo si Tatay sa takot na kanyang naramdaman noon, hindi sila nagkatuluyan ni Nanay. At kung nangyari iyon, wala kami sa mundong magkakapatid. At walang Bobet na magpapari!

Ako din ay may personal na karanasan sa aking naging katekista. Mga Grade 4 ako noon, marahil para mas mapalapit kami sa simbahan, nang narinig kong sinabi sa amin sa klase na,

> "Kapag nagpari kayo pupunta sa langit ang inyong mga magulang".

Parang may kumurot sa aking puso at iyon ang simula ng aking bokasyon, na kung saan, nagising ang pagnanasa kong maging pari. Kaya pagkauwi ko, sinabi ko agad sa aking mga magulang,

> "'Tay, Nay, gusto ko pong magpari".

At dahil dito, agad-agad namang binigay sa akin nila Tatay ang pananagutan na mamuno sa pagdarasal ng rosaryo ng aming pamilya.

Kaya pagka-graduate ng Grade 6, na-surpresa ako na nakipag-appointment pala ang aking mga magulang sa dating Rector ng *Mother of Good Counsel Seminary,* ang butihing si Archbishop Emeritus Paciano B. Aniceto, DD, para sa aking intensyon. Nakakatuwang alalahanin na sa aming salu-salong kainan kaharap si Father Rector, tinanong niya ako kung bakit gusto kong maging pari. Agad kong tugon,

> "Dahil gusto ko pong pumunta sa langit ang aking mga magulang."

Nang marinig ang aking kuwento ng isang kaibigang pari na kasama namin sa seminaryo, minsang nagkukuwentuhan kami, agad niyang sinabing,

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

"Oo nga naman, iyan ang punto talaga ng pagpapari, ang aral ng pagliligtas, unang-una ng ating mga magulang at pamilya."

Nakagagaan ng loob na isiping noong naging pari na ako, sa lahat ng pagdiriwang ko ng misa, sa maraming pagkakataon, kasama ko ang aking magulang, lalo na si Tatay. Naku gaano mang kalayo ang aking pagmimisahan, si Tatay ang kasama kong naglalakbay. Kasama ko ang aking mga magulang sa aking misyon bilang pari, walang mintis ang kanilang pagdarasal sa aking bokasyong maglingkod sa simbahan. Lalo na noong naging Obispo ako. Sa maraming taon, sila ang kasama kong magmisa, magdasal, at maglingkod sa simbahan hanggang sa mga panahong dinapuan sila ng sakit at panghihina. Hindi nga sila pinaghiwalay agad ng Panginoon, walang naulila sa amin nang maaga taliwas sa takot at karanasan ni Tatay dahil biniyayaan ang aking mga magulang nang mahaba at makabuluhang buhay kapiling kami – ang kanilang unang simbahan.

Sa huling bahagi ng buhay ng aking mga magulang, maraming beses ko silang naipagdasal at napagkalooban ng sakramento ng pagpapahid ng langis sa maysakit. Masakit mang mawala sila sa mundo ngunit hinding-hindi ko makakalimutan ang hindi mabilang na dami ng taong nakiramay noong sila ay namatay. Sa rami ng nagdasal, nagmisa at nakiisa, nasabi ko sa sariling inaalala ang katekistang unang nagmulat sa akin ng aking bokasyon,

"Tama nga ang aking gurong Katekista, pupunta nga sa langit ang mga magulang ko!".

Ito po ang aking paanyaya sa lahat nang mabibigyan ng pagkakataong basahin at pagnilayan ang librong ito, ang koleksyon ng mga tulang-pananaliksik hango sa mga datos ng buhay ng mga katekista batay sa *NCS 2016-2018* na sinulat ni Dr. Clarence M. Batan na mula sa Filipino ay isinalin sa sampung wika.

Tunay ngang maituturing na kayamanan ng ating Simbahan ang mga katekista, kaya mabuti pong ipagkaloob natin sa kanila ang tamang pagpapahalaga, pagkilala at paggalang. Mabuhay po ang ating mga katekista sa buong Pilipinas!

Nawa'y sa bawat tulang inyong mababasa, isang dasal din ang inyong masambit – para sa ating mga katekista, para sa ating Simbahang Katoliko.

Pagpalain tayong lahat ng Poong Maykapal kasama ng ating Mahal na Inang Maria, Amen.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Panimula

## *Ang Tulang-Pananaliksik: Sulyap, Suri't Subok sa Sosyolohiya ng mga Katekistang Pilipino*

ni **Clarence M. Batan**
*Project Lead, NCS 2016-2018*
*NCS 2021: PARI Project Principal Investigator*

***Antabayanan ang laman ng bahaging ito na isasapubliko online kapag ang texto ay handa nang ibahagi.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Pahinungod
## *Ang Hamon at Yaman ng Pagsasalin sa Proyektong NCS 2016-2018*

*ni Joan Christi S. Trocio-Bagaipo*
*Project Co-lead, NCS 2016-2018*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

Filipino ang pangunahing wikang ginagamit sa gawaing katekesis sa Pilipinas. Ang mga sangguniang ginagamit para sa pagsulat ng mga modyul sa pagtuturo ay mga salin ng orihinal na nakasulat sa English. Ilan sa mga ito ay ang *Katesismo ng Iglesia Katolika* na salin ng orihinal na *Catechism of the Catholic Church* at ang *Katesismo Para sa mga Pilipinong Katoliko* na siya namang salin ng *Catechism for Filipino Catholics.*

Kaugnay ng pagtalakay sa usaping katekesis sa bansa na gamit ang wikang Filipino, dagli nating silipin ang kasaysayan ng pagsasalin sa Pilipinas. Ayon kay Almario (2015) ng *Komisyon ng Wikang Filipino*, "kasintanda ng limbag ng Filipinas ang pagsasalin (p. 67)." Unang nailathala ang akdang isinalin na pinamagatang *Doctrina Christiana* (1593), na naglalaman ng mga dasal at tuntunin ng Simbahang Katolika na kinailangan sa pagpalaganap ng Kristiyanismo sa mga bagong sinakop na kapuluan. Binanggit ni Almario na ito ang "naging sagisag ng misyon at direksyon ng pagsasalin (p. xvii)" sa ilalim ng Rehimeng Espanyol. Dagdag pa niya, "naging masigasig ang mga misyonero sa pagsasalin ng mga akdang Kristiyano tungo sa mga nasakop na wikang katutubo (p. xvii)."

Hindi na bago ang paggamit ng mga sangguniang nakasalin sa wikang Filipino mula sa orihinal na teksto sa larangan ng pananampalatayang Katoliko sa ating bansa. Ito ay alinsunod na rin sa sinasaad sa dokumento ng *Second Vatican Council* na pinamagatang *Sacrosanctum Concilium.* Kinilala ng naturang dokumento ang paggamit ng *Mother Tongue* (MT) o Unang Wika sa Misa, o maging sa pagbibigay ng mga sakramento at maging sa iba pang bahagi ng liturhiya. Sa pagkilala ng MT, hindi maaring makaligtaang banggitin na binigyang diin ng dokumento na ang pagsasalin, na may layong gamitin ang isinalin sa liturhiya mula sa wikang Latin tungo sa MT, ay nangangailangan ng pahintulot ng mga pinuno ng mga teritoryong eklesiastiko (Pope Paul VI, 1963).

Sa loob ng dalawang taon (2016-2018) napatunayan kong tunay na mahalaga ang wikang ginagamit sa katekesis, at higit na mahalaga na naituturo ang pagkakatekesis sa wikang naiintindihan ng mga tinuturuan o ang tinatawag nating *catechized.* Naging mapalad akong mapabilang sa isang grupo ng mga mananaliksik na naatasang gawin ang *National Catechetical Study (NCS) 2016-2018* , isang pag-aaral sa buhay ng mga

katekista sa ating bansa. Isa sa pinakamatingkad na *finding* ay ang gamit ng MT sa pagtuturo ng katekesis. Maraming mga katekistang nakapanayam namin ay nagsabing ang mga modyul na ginagamit sa katekesis ay nakasulat sa wikang Tagalog o kaya ay sa English. Kung kaya't nang itanong kung anong wika ang nais nilang gamitin sa katekesis kung sakaling magbabago ng mga modyul, marami ang nagsabing mas makabubuti kung ito ay nakasulat sa lokal na wikang ginagamit nilana mas higit naiintindihan ng kanilang mga tinuturuan.

Taong 2017 nang sinimulang gawan ng tulang-pananaliksik ni Dr. Clarence Batan, ang *Project Lead* ng *NCS 2016-2018 Research Team*, ang mga datos na nakalap mula sa mga survey, *focus group* discussion at *interview*. At bilang pagtugon sa kahilingan ng mga nakararaming lumahok sa pag-aaral na sana ay maisulat sa kanilang wika ang mga maaaring gamiting materyales sa pagtuturo, sinimulan ang proyektong pagsasalin ng mga tula na nakasulat sa Filipino, patungo sa iba't ibang wika. Ang layuning mas mailapit ang kwento sa mga nakaranas nito sa pamamagitan ng pagsulat nito sa kani-kanilang wika ay naayon sa nakuhang *finding.*

Sa librong ito, ang mulaang wika na Filipino ay naisalin sa sampung natunguhang wika; ang Bikol, Bisaya, Ibanag, Ilocano, Hiligaynon, Kapampangan, Pangasinan, Waray, English at Español. Ang mga tagasalin ay aming nilapitan namin, pinaliwanagan ng proyekto, lahat, ginawa ang pagsasalin nang bukal sa kanilang loob bilang mga volunteer. Lahat ng mga tagasalin ay bahagi ng *catechetical ministry* o akademya kaya't batid nila ang gawaing-katekesis.

Para sa librong ito, ang pagsasalin ay isang subok sa gawaing naglalayong mas ilapit ang mga isinulat na tula sa hinuha at kamalayan ng mga totoong nakaranas ng mga kwentong isinatula. Dahil ito ay isang pagtatangka, may mga hamon itong kinaharap.

Tatalakayin ng bahaging ito ng libro ang mga hamong kinaharap sa pagsasalin ng tula. Ako bilang kasama sa buong proseso ng pag-aaral ng *NCS 2016-2018*, mula sa pagbuo ng konsepto nito, sa pagbalangkas ng mga gabay-tanong, hanggang sa aktwal na pangangalap ng datos at pagbabalik ng mga finding sa mga katekista.

Habang binabasa ko ang mga tula sa mulaang wika, nagiging buhay ang mga kwento. Nung binabasa ko ang mga salin, lalo't iyong aking naiintindihan, tulad ng Bisaya na aking Unang Wika, at Hiligaynon na isa sa mga pangunahing wikang ginagamit namin sa bayang aking kinalakhan, nakita at naramdaman ko, na naging madali ang gawaing pagsasalin, na hindi alintana ang mga teknikal na aspeto ng disiplina, sapagkat nasa kamalayan ng tagasalin ang dalisay na layuning mas maintindihan ng mga

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

katekista, ng mga tinuturuan at maging ng mga lider ng gawaing kateketikal dito sa ating simbahan ang totoong nangyayari sa estado at pagsasagawa ng katekesis sa ating bansa. Ngunit, tulad ng anupamang gawain, may mga hamon ding kinaharap ang pagsasalin ng mga tulang pananaliksik. Ibabalangkas ng bahaging ito ng libro ang dalawang pangunahing hamon; una, ang kaibahan ng mulaang wika at ang tunguhang wika at ikalawa, ang mga hamong teknikal tulad ng pagsusukat at pagtutugma at ang pagsasalin ng mga katawagang teknikal sa gawaing kateketikal.

Bibigyang diin naman ng bahaging ito ng libro, na bagaman may mga hamon, tunay na may dalang yaman ang pagsasalin ng mga tulang pananaliksik. Tunay na maipagmamalaki ng proyektong ito ng pagsasalin ang pagkakaroon ng matibay na patunay na magbubunsod sa mga pinuno ng mga gawaing kateketikal ng ating simbahan ang paglapit ng mga modyul at materyales na ginagamit sa katekesis sa panlasa, kamalayan, at mundo ng mga katekista at ng mga tinuturuan nito.

Mahalaga ang wika sa pagpapalalim ng ugnayan kay Hesus na pangunahing layon ng katekesis (CT5). Sa epektibong paggamit nito, mas naisasabuhay sa lipunang ginagalawan ng mga katekista kasama ng mga naturuan nila ang pagpapatuloy ng misyong ipalaganap ang *Mabuting Balita*. Ang pagtingin na ito sa kahalgahan ng Unang wika sa katekesis ay binigyang diin ni Pope Francis sa kanyang Apostolic exhortation na *Evangelii Gaudium* (EG), kung saan nabanggit niya ang halaga ng Unang wika o Mother Tongue sa pagpapalalim ng pananamplataya. Aniya,

> "... This language is a kind of music which inspires encouragement, strength and enthusiasm" (EG 139).

*******Antabayanan ang laman ng bahaging ito na isasapubliko online kapag ang texto ay handa nang ibahagi.*

## Mga Sanggunian


Almario, V. (Ed.). (2015). Introduksiyon sa Pagsasalin: Mga Panimulang Babasahin Hinggil sa Teorya at Praktika ng Pagsasalin. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Dryden, J. (2015). Hinggil sa Pagsasalin. In V. Almario (Ed.), Introduksiyon sa Pagsasalin: Mga Panimulang Babasahin HInggil sa Teorya at Praktika ng Pagsasalin (V. Almario, Trans., pp. 1-12). Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Pope Paul VI. (1963). Constitution on the Sacred Liturgy Sacrosanctum Concilium. Retrieved April 4, 2020, from Vatican. Va: https://www.vatican.va/archive/hist_councils/ii_vatican_council/documents/vat-ii_const_19631204_sacrosanctum-concilium_en.html

Sy, J. (2015). Mga Hamon sa Pagsasalin sa Nanyang Piaoliuji ni Bai Ren. In V. Almario (Ed.), Introduksiyon sa Pagsasalin: Mga Panimulang Babasahin Hinggil sa Teorya at Praktika ng Pagsasalin (pp. 201 - 209). Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.


PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Filipino

## MGA TULANG-PANANALIKSIK


Paskong Katekista F2
Pamasahe F3
Bakit Ayaw Magsimba Ng Mga Bata? F4
Katekistang-Lingkod F5
Lider-Kateketikal F6

**Krus Na Daan ng Katekistang-Lingkod**

**I** Hapunan F8
**II** Getsemani F9
**III** Sanhedrin F10
**IV** Koronang Tinik F11
**V** Krus F12
**VI** Nabuwal F13
**VII** Simon Sireneo F14
**VIII** Pagsalubong F15
**IX** Ipinako F16
**X** Dimas F17
**XI** Habilin F18
**XII** Pagkamatay F19
**XIII** Pahimlay F20
**XIV** Pagkabuhay F21

**Gabay Turo** F22


PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Paskong Katekista

*ni Clarence Batan*

Ngayong Pasko
May bago akong
Kwento. ■
Tungkol sa
Mga bayani
Ng Simbahang
Naglilingkod,
Nagtuturo't
Nagsasakripisyo
Para ihatid
Ang kwento ni
Kristo. ■

Walang bayad
Nagsasakripisyo
Para sa tatlumpung-
Minuto. ■
Gamit ang ngiti
At sangkatutak
Na lakas ng
Loob
Para ihatid ang
Pananampalataya
Di para sa
Sarili
Ngunit para sa
Simbahang
Mahal. ■

Sila ang mga
Katekistang
Unang nagturo
Sa akin
Nang halaga ng
Pasko. ■

Sila ang Paskong
Nagtampok sa
Tunay na diwa
Ng pagdiriwang. ■
Sila ang mga parol
Na ang kinang
Ay ningning ng
Bawat isang
Naturuan
Napaliwanagan
Naliwanagan. ■

Na ang Pasko
Ay tungkol kay
Kristo. ■

Salamat sa mga
Katekista. ■
Salamat sa
Paalaala. ■

***Mateo 2:9***

*"Ang bituing kanilang nakita sa silanganan, ay nanguna sa kanila hanggang sa sumapit at tumigil sa tapat ng kinaroroonan ng sanggol na si Hesus."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Pamasahe

*ni Clarence M. Batan*

Pinagmamasdan ko ang tumpok
Ng mga batang nagkakagulo,
Nagkakaingay doon sa kuwarto. ■

Nanahimik muna, nag-antandang
Sabay-sabay, dinasal ang Aba Ginoong Maria
Kapit ang rosaryong taglay. ■

Doon, sa malayong barangay
Milya ang distansiya mula sa Simbahang
Katedral ng pananampalataya. ■

Hindi nangaral kundi nagbahagi -
Mga aral tungkol sa Simbahang
Mahal; na di naghihintay ng sukli. ■

Sapagkat walang bayad ang paglilingkod
Maliban lang sa pamasaheng
Baon ay pag-ibig sa Diyos. ■

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

***Mateo 19:14***

*"Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit."*

# Bakit Ayaw Magsimba Ng Mga Bata?

*ni Clarence M. Batan*

Isang katekista ang nagbahagi
Tungkol sa mga batang tinitiyaga
Niyang turuan ng mga kwentong
Tungkol sa Diyos,
Tungkol sa Simbahan.

Isang magulang ang nagbahagi
Tungkol sa kanyang mga anak
Na pasaway daw sa bahay,
Walang galang sa nakakatanda
Walang interes magsimba.

Isang bata ang nagkwento
Tungkol sa sitwasyon
Ng pamilya niyang mahal
Mga magulang niya'y away nang away,
Mga magulang na damdamin-hiwalay.

Nang tinanong ng katekista
Ang bata, "Bakit ayaw mong magsimba?"
Sagot niyang tumutulo ang luha,
Hindi naman "sila" nagsisimba, silang
Hindi na magulang ng pananampalataya.

Hikbi't tangis ng katekistang
Nagpupumilit kumbinsihin ang
Batang litong-lito sa mundo
"Mukhang katekesis sa magulang ang
"Mukhang sa mga anak magpapakatotoo-
Tungkol sa pananampalataya,
Tungkol sa Simbahan,
Tungkol kay Kristo,"
Pabulong na dasal ng katekistang
Pinagmamasdan ang batang
Tangan ng kanyang magulang
Palabas ng kapilyang
Minsan isang linggo,
Lugar ng katekesis.

*Lucas 2:41-42*

*"At nagsisiparoon taon-taon ang kaniyang mga magulang sa Jerusalem sa kapistahan ng paskua. At nang siya'y may labindalawang taon na, ay nagsiahon sila ayon sa kaugalian ng kapistahan."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Katekistang-Lingkod

*ni Clarence M. Batan*

Ang pagiging katekista'y
Parang isang awit,
Sipag ang titik
Ang lirikong himig,
Ang bawat paggalaw
At kumpas ng isip
Ay para sa Diyos
Dahil sa panatang
Kantada ng lambing
Sa bawat tinuruan
Tiyempong mapusuan
Aral at karunungan
Ng Inang Simbahan. ■
Ang paglilingkod entranda
At finale, hanggang
Manatiling dama't dinig
Kinantang awit - ang
Katekistang-lingkod -
Pag-asa ng Simbahan
Tagapagtanggol ng
Pananampalataya't
Pag-ibig, ang
Sandatang-awit!

Para sa Diyos,
Para sa Simbahan,
Para sa lipunang
Pilipinas. ■

***Lucas 1:46-48***

*"At sinabi ni Maria, Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon, At nagalak ang aking espiritu sa Dios na aking Tagapagligtas. Sapagka't nilingap niya ang kababaan ng kaniyang alipin."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Lider-Kateketikal

*ni Clarence M. Batan*

Ang pagiging lider
Sa ministrong kateketikal
Tulad waring-gabay
Mga sakramento:
Simula sa binyag
Ang pagtanggap sa
Pananagutang mamuno,
Eukaristiyang misyon
Nang pagbabahagi
Ang laging papawi
Sa lahat ng balakid. ■
May disposisyong kumpisal,
Pag-amin ng kahinaan,
Dahil mga gawaing
Kateketikal pala'y
Mahirap at seryoso -
Tulad ng pagpapakumpil
Na tulong-kalinga't
Yakap at patnubay
Mula, Espiritu Santo. ■
Ang lider-kateketikal
Propetang pari
Sa lahat ng sandali
Katekesis ang lambing
Tulad ng pagmamahalan,
Pag-iisang dibdib
Turo ng Simbahan
Kristong inibig. ■
Nang sa huli
Pagod man, o
May panghihina
Tangan pa rin
Ng lider-kateketikal
Ang pinagpalang langis
Na pag ipinunas
At maingat na hinaplas,
Mahinang pananampalataya'y
Sisigla't mabubuhay,
Dahil ang paglilingkod
Bilang lider-kateketikal
May tamis at wagas. ■

***Juan 1:14***

*"At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Krus Na Daan ng Katekistang-Lingkod

# I Hapunan

*ni Clarence M. Batan*

Nagulat ang lahat nang
Sa gitna ng hapunang
Kanyang hinanda,
Nagsabi si Nanay -
Nakangiti, nananabik
Sa desisyong magturo
Muli, tulad noon.
Na muling gawin
Ang mahal na propesyon -
Malaking pananagutan
Misyon sa Simbahan,
Ang maging katekista.
Di naman nagulat
Si Tatay at mga anak
Dahil palagi siyang
Nasa Simbahan.
Bilin ni Tatay,
"Huwag mo lang kaming
Kalilimutan, isasantabi".
Tugon ni Nanay,
"Hindi naman Mahal,
Kayo pa rin, una
Kong pananagutan".
Ngumiti ang lahat
Sa hapunang masarap
At matapos kumain,
Si Nanay pa rin
Nagmismis, naghugas.
Ito ang unang
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan.

**1 Corinto 11:23**

*"At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

## II
# Getsemani

*ni Clarence M. Batan*

Bago sumabak
Sa hamon ng katekesis,
Si Nanay dumalo
Sa lingguhang pagsasanay
Tungkol sa bibliya,
Mga dokumentong-katesismo
Ng Katolikong Kristiyano
At Katolikong Pilipino. ■
Hindi naging madali
Ang muling pakikinig
Sa paring katekista
At catechetical directors
Dahil mas mahirap
Palang maayos na ituro
Ang turo ng Simbahan. ■
Na tulad ng pananalangin
Ni Hesus sa Getsemani,
May hapis sa pagsasanay
Para wagas ang kaalamang
Maibabahaging-tunay. ■
Ito ang ikalawang
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan. ■

***Lucas 22:42***

*"Na sinasabi, Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

## III
# Sanhedrin

*ni Clarence M. Batan*

Nang masayang matanggap
Ni Nanay-teacher -
Ang bagong katekista,
Ang kanyang assignment
Sa pampublikong paaralan,
Pinaghandaan niya ang araw
Pagdalaw sa school
Pagharap sa principal
Upang kunin - schedule.
Apat lang pagpipilian:
Umagang-umaga,
Sa pagitan ng recess,
Matapos ang tanghalian,
O bago mag-uwian.
Tulad ni Hesus
Sa harap ng Sanhedrin,
Ang mapagkumbabang-tangan
Sa harap ng makapangyarihan,
Waring di pagtutol
Para misyon matuloy,
Kahit anong oras,
Katekesis matupad.
Ito ang ikatlong
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan.

***Marcos 15:1***

*"At pagdaka, pagkaumaga ay nangagsangusapan ang mga pangulong saserdote pati ng matatanda at mga eskriba, at ang buong Sanedrin, at ginapos si Jesus, at inilabas siya, at ibinigay siya kay Pilato."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# IV
# Koronang Tinik

ni Clarence M. Batan

Sa unang pagsabak,
May dalang galak
Ang bawat araw
Ng misyong katekesis
Sa mga batang makukulit. ■
Ngunit paglipas ng panahon,
Napansin ng katekista
Ang unti-unting pagkawala
Ng interes sa pakikinig
Ng mga batang may bigat
Ang mga matang matamlay
Dahil ang mga buhay
Pala nila'y winawasiwas
Ng mga suliranin sa bahay:
Di nagsisimba mga magulang,
Walang trabaho,
Magkahiwalay, di kinasal. ■
Parang ang katekista'y
Pinutungan ng koronang
Tinik na tagos sa puso,
Dahil waring di sapat
Pag-intindi sa sakramento. ■
Lipunang ginagalawan
Ng mga batang tinuturuan
Katekesis kailangan. ■
Ito ang ika-apat
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan. ■

***Mateo 27:29***

*"At sila'y nangagkamakama ng isang putong na tinik, at ipinutong sa kaniyang ulo, at inilagay sa kanang kamay niya ang isang tambo; at sila'y nagsiluhod sa harap niya at siya'y kanilang nilibak, na nagsisipagsabi, Magalak, Hari ng mga Judio!"*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# V
# Krus

*ni Clarence M. Batan*

Sa araw-araw may krus
Na tangan ang katekistang
Lingkod ng Simbahan. ■
Mula sa bahay, unang
Pananagutan ginagampanan
Saka dali-daling magpapaalam
Upang agad mapuntahan
Ang mga batang naghihintay
Doon sa paaralan. ■
Makakarating naman
Kahit pamasahe kulang,
Nakakagawa naman ng paraan
Kahit ang pambili ng chalk
At papel na gagamitin
Katekista ang tuturing. ■
Kahit anong halaga,
Kahit sabihing kalokohan,
At walang lohika.
May hirap mang taglay
Sakripisyo at pasakit
Pagtanggap sa krus
Misyong katekesis. ■
Ito ang ikalimang
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan. ■

***Mateo 16:24***

*"Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

VI
# Nabuwal

*ni Clarence M. Batan*

Dahil sa kirot ng pagod
May mga pagkakataon
Din, katekista'y nabubuwal
Nagkakasakit, pinanghihinaan
Ng loob. Binabatikos.
Sinisiraan ng mga kaibigan,
Sinasabihang balatkayo,
Pinaparatangang hungkag
Ang buhay taliwas
Sa itinuturong aral
Bilang katekista.
Ang kahinaan ay totoo,
Hindi ito biro,
Kundi realidad ng buhay
Ang pagtakas ng lakas
Hangang lahat-lahat
Maipasa-Poong Maykapal!
Ito ang ika-anim
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan.

**_Isaias 53:5_**

*"Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# VII
# Simon Sireneo

*ni Clarence M. Batan*

Sa panahon ng pangangailangan
Sa mga gawaing-katekesis
Maraming Simon Sinereo -
Mga mabubuting taong
Sa katekista'y tumutulong. ■
Mula sa mga Tatay
At maraming kasama
Sa abalang bahay,
Para libreng ihatid
Ang Nanay na katekista
Sa anumang pagtitipon,
At libre ding sunduin
Pagkatapos ng pulong. ■
Hanggang sa kasamang
Kapwa-katekistang
Kumadre't kaibigan,
Handang magpautang
Kahit bayaran, matagal. ■
Itong misteryong-misyon
Kung bakit di maiwan
Ang pagiging katekista
Ang teacher na Nanay. ■
Ito ang ikapitong
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan. ■

***Marcos 15:21***

*"At kanilang pinilit ang isang nagdaraan, si Simon na taga Cirene, na ama ni Alejandro at ni Rufo, na nanggagaling sa bukid, upang sumama sa kanila, upang pasanin niya ang kaniyang krus."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# VIII
# Pagsalubong

*ni Clarence M. Batan*

Ang pagiging katekista,
Kahit puno ng sakripisyo'y
May dulot na galak
Dahil sa misyong-pagtahak.
Maraming makakasalubong
Na palaging magtatanong,
Kaya't tamang sagot
Dapat laging tangan.
Kailan ang binyag?
Kailan ang kasal?
Sino ang magpapakumpisal?
Ang kumpilan kelan?
Saan ang daan ng prusisyon?
Bakit wala si Father?
Nasaan si Father?
May kasal ba si Father?
Pwede bang magpa-bless
Kahit nagsi-siesta si Father?
Lahat ito'y impormasyon
Na waring pananagutan
Ng katekistang laging
Laman ng Simbahan.
Ito ang ikawalong
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan.

*Lucas 27:28*

*"Datapuwa't paglingon sa kanila ni Jesus ay sinabi, Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

IX

# Ipinako

*ni Clarence M. Batan*

Pagkabighani ang dalang
Dulot nang nakapakong
Hesus sa bawat pagtitipon
Ng mga misyoneryong katekista. ■
Sagisag ng pag-antanda
Sa Ama, sa Anak
At Espiritu Santo. ■
Nagpapaalala ng sakripisyong
Pagtubos sa mga kasalanang
Ang lubid na tangan
Pinatid ng pagmamahal,
Nilubos ng pag-ibig
Pinaputok man mga ugat
Upang dugo'y magreklamo't
Magrebolusyong payapa,
Walang galit,
Pulos pagmamahal
Ng ipinakong si Kristo
Ang buod ng katekesis. ■
Ito ang ikasiyam
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan. ■

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

***Mateo 27:31***

*"At nang siya'y kanilang malibak, ay hinubdan nila siya ng balabal, at isinuot sa kaniya ang kaniyang mga damit, at kanilang inilabas siya upang ipako sa krus."*

# X
# Dimas

*ni Clarence M. Batan*

Sino ba sa atin
Ang di magnanakaw?
Nang mga sandaling
Dapat sana
Sa Diyos inilaan. ■
Sino ba sa atin
Ang di nagnanakaw
Ng mga ngiti't kasiyahan
Ng mga batang uhaw
Sa mga aral ng Simbahan?
Sino ba sa atin
Ang di nanakawan
Nang kateketikal na
oportunidad
Sa bawat pagdalaw
Sa kapilya't katedral,
Sa homilya ni Father
At ni Bishop,
Sa simpleng pagsalubong
Sa kapwa-Katoliko,
Sa prayer meetings
Na palaging dinadaluhan,
Sa pagkakataong sana
Dama natin si Kristong
Malapit, waring katabi
Lang, upang kahit
Sandali, makipagkwentuhan. ■
'Swerte nga si Dimas
Dahil malapitang
Nakausap, si Kristong
Hirap man, nangusap
Ng pangakong walang-hanggan
Dahil sa pagtitika. ■
Ang nagtitikang katekista'y
Tapat sa misyon. ■
Ito ang ika-sampung
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan. ■

***Lucas 23:42***

*"At sinabi niya, Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

XI

# Habilin

*ni Clarence M. Batan*

Ang pagiging katekista
At tiwalang-bigay
Habiling-taglay
Malaking pananagutan
Upang manatiling-buhay,
Bawat aral ng ebanghelyo
Bawat kwento ng bibliya
Bawat tradisyong turo
Bawat istorya ng kabanalan
Katuwang ang patnubay
Ng apostol na Juan,
Ang malapit kay Jesus
Kanyang kaibigan. ■
At tangan ang pagmamahal,
Ni Mariang ating ina
Na tadtad-dalamhati
Ang pusong-sinugatan
Ng hirap ng Anak
Timping nasaksihan. ■
Kay Maria ibinilin
Ni Hesus ang Simbahan
Sa panahong lumilimlim
Ang lahat ng pag-asa
Sa bantang kawalan
Ng mundong-buhay. ■
Katekista'y maka-Maria
Rosaryo laging kapit
Sa lipunang makulit
Katesismong himig. ■
Ito ang ikalabing-isang
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan. ■

*Juan 19:26-27*

*"Pagkakita nga ni Jesus sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig, ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito, ang iyong anak! 27 Nang magkagayo'y sinabi niya sa alagad, Narito, ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# XII
# Pagkamatay

*ni Clarence M. Batan*

Ilang beses pinagninilayan
Pagkamatay ni Hesus
Ng mga katekistang-lingkod.
Sa araw-araw na krus
Na kanilang tangan
Para sa misyong
Maibahagi mga aral
Ng Kristong buhay.
Subalit sa pagkamatay
Ng Panginoong Hesukristo,
May aral ding taglay -
Na merong hantungan
Bawat isa, may kahihinatnan
Na waring kamalayan
May takdang katapusan,
At ang ating dalangin
Sa huling sandali,
Mahigpit na yakapin
Ang pangakong makapiling
Sa pangakong langit
Dahil naganap na
Ang misyong wakas
Na may pasasalamat!
Ito ang ikalabing-dalawang
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan.

***Juan 19:30***

*"Nang matanggap nga ni Jesus ang suka, ay sinabi niya, Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang kaniyang hininga."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# XIII
# Paghimlay

*ni Clarence M. Batan*

Ang buhay katekista
Sabi nang nakararami,
Puno nang saya
Kasiyahang nakaugat
Sa bukal na loob
Na lingkod-totoong
Tinig ay pananampalataya
Tunog ay pagmamalasakit
Tono ay pagmamahal
Awit ng pag-ibig. ■
Nang ihinimlay si Hesus
Binulungan Niya
Mga katekistang-lingkod,
Na sa Kanyang pananahimik
Sa pansamantalang pag-idlip
Ng tatlong araw na dilim -
Kumanta ng papuri't
Pasasalamat, magnilay
At magpakatatag, ■
At maniwalang sa anumang
sulirani't kadiliman, may
pangakong buhay at liwanag. ■
Ito ang ikalabing-tatlong
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan. ■

*Mateo 27:59-60*

*"At kinuha ni Jose ang bangkay at binalot niya ng isang malinis na kayong lino, 60 At inilagay sa kaniyang sariling bagong libingan, na kaniyang hinukay sa bato: at iginulong niya ang isang malaking bato sa pintuan ng libingan, at umalis."*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# XIV
# Pagkabuhay

*ni Clarence M. Batan*

Piniling misyon ay
Maging katekista
Pero ang totoo -
Sila'y maingat na pinili
Ng Poong Maykapal,
Upang maging katuwang
Sa matiyagang pag-aalaga
Sa Simbahang mahal.
Buhayin ang pananampalatayang
Nanamlay at paulit-ulit
Walang tigil, nagpaalala
Ng mga mahahalagang aral
Tungkol sa paghahanda
Sa muling pagkabuhay!
Katekistang kayamanan
Ng ating Simbahan.
Ito ang ikalabing-apat
Krus sa daan
Ng katekistang-lingkod,
Sakrispisyong makahulugan.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

***Mateo 28:6***

*"Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya. Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang dakong kinalagyan ng Panginoon."*

# Gabay Turo

Konsepto nina Ma. Cecilia L. Balajadia at Clarence M. Batan

| Tulang-Pananaliksik | Gabay-Bibliya | Tanong-Nilay |
|---|---|---|
| Paskong-Katekista | Mateo 2:9<br>"Ang bituing kanilang nakita sa silanganan, ay nanguna sa kanila hanggang sa sumapit at tumigil sa tapat ng kinaroroonan ng sanggol na si Hesus." | *Sino ang mga mauituring mong naging bituin sa iyong buhay na gumabay sayo patungo kay Hesus?* |
| Pamasahe | Mateo 19:14<br>"Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit." | *Naging daan ka ba upang mapalapit ang mga kabataan kay Hesus?* |
| Bakit Ayaw Magsimba Ng Mga Bata? | **Lucas 2:41-42**<br>"At nagsisiparoon taon-taon ang kaniyang mga magulang sa Jerusalem sa kapistahan ng paskua. At nang siya'y may labindalawang taon na, ay nagsiahon sila ayon sa kaugalian ng kapistahan." | *Bilang anak, nasasamahan mo pa ba ang iyong mga magulang sa pagsisimba?*<br>*Bilang magulang, naisasama mo ba ang iyong (mga) anak sa pagsisimba?* |
| Katekistang-Lingkod | **Lucas 1:46-48**<br>"At sinabi ni Maria, Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon, At nagalak ang aking espiritu sa Dios na aking Tagapagligtas. Sapagka't nilingap niya ang kababaan ng kaniyang alipin." | *Katulad ng pagpupuri ni Maria sa Poong Maykapal, maituturing mo bang ang iyong paglilingkod sa Simbahan bilang papuri sa Kanyang mga biyaya?* |

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

| Tulang-Pananaliksik | Gabay-Bibliya | Tanong-Nilay |
|---|---|---|
| Lider-Kateketikal | **Juan 1:14**<br>"At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan." | *Nadarama mo ba ang presensya ng Diyos sa mga ritwal ng mga sakramento?*<br>*Naipadama mo ba ang larawan ng buhay na Hesus sa iyong kapwa?* |

## *Krus na Daan ng Katekistang-Lingkod*

| | | |
|---|---|---|
| **I**<br>**Hapunan** | **1 Corinto 11:23**<br>"At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin." | *Handa ba tayong ialay ang ating buhay sa kapakanan ng iba?* |
| **II**<br>**Getsemani** | **Lucas 22:42**<br>"Na sinasabi, Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo." | *Gaano ba tayo kahanda gawin ang kalooban ng Dyos katulad ni Hesus?*<br>*Bilang katekista, nagdarasal ba tayo tulad ni Hesus?* |
| **III**<br>**Sanhedrin** | **Marcos 15:1**<br>"At pagdaka, pagkaumaga ay nangagsangusapan ang mga pangulong saserdote pati ng matatanda at mga eskriba, at ang buong Sanedrin, at ginapos si Jesus, at inilabas siya, at ibinigay siya kay Pilato." | *Ilang beses ba nating pinandindigan ang ating pananampalataya sa harap ng karamihan?* |

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

| Tulang-Pananaliksik | Gabay-Bibliya | Tanong-Nilay |
|---|---|---|
| **IV**<br>**Koronang-Tinik** | **Mateo 27:29**<br>"At sila'y nangagkamakama ng isang putong na tinik, at ipinutong sa kaniyang ulo, at inilagay sa kanang kamay niya ang isang tambo; at sila'y nagsiluhod sa harap niya at siya'y kanilang nilibak, na nagsisipagsabi, Magalak, Hari ng mga Judio!" | *Handa ba nating harapin ang mga sakripisyong ating pagdaraanan upang tuparin and kalooban ng Diyos?* |
| **V**<br>**Krus** | **Mateo 16:24**<br>"Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin." | *Kaillan ka nagdesisyon na sundan ang Panginoong Hesus?*<br>*Kumusta ang pagpasan natin sa kaniyang krus?* |
| **VI**<br>**Nabuwal** | **Isaias 53:5**<br>"Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." | *May mga pagkakataon bang nabuwal tayo sa ating pananampalataya sa Diyos?* |
| **VII**<br>**Simon Sireneo** | **Marcos 15:21**<br>"At kanilang pinilit ang isang nagdaraan, si Simon na taga Cirene, na ama ni Alejandro at ni Rufo, na nanggagaling sa bukid, upang sumama sa kanila, upang pasanin niya ang kaniyang krus." | *May mga pagkakataon bang naging tulad tayo ni Simon Sireneo?* |

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

| Tulang-Pananaliksik | Gabay-Bibliya | Tanong-Nilay |
|---|---|---|
| **VIII**<br>**Pagsalubong** | **Lucas 23:28**<br>“Datapuwa’t paglingon sa kanila ni Jesus ay sinabi, Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak.” | *Gaano tayo kahandang ipaliwanag ang ating pananampalataya?* |
| **IX**<br>**Ipinako** | **Mateo 27:31**<br>“At nang siya’y kanilang malibak, ay hinubdan nila siya ng balabal, at isinuot sa kaniya ang kaniyang mga damit, at kanilang inilabas siyaupang ipako sa krus.” | *Gaano tayo kahandang dalhin ang mga pasanin sa ating tahanan? Sa pamayanan? Sa simbahan?* |
| **X**<br>**Dimas** | **Lucas 23:42**<br>“At sinabi niya, Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian.” | *May mga pagkakataon bang pinabayaan nating manakaw ang mga pagkakataong makapagbahagi tayo ng salita ng Diyos sa ating kapwa?* |
| **XI**<br>**Habilin** | **Juan 19:26-27**<br>“Pagkakita nga ni Jesus sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig, ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito, ang iyong anak! 27 Nang magkagayo’y sinabi niya sa alagad, Narito, ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan.” | *Itinuturing ba nating si Maria bilang ating ina?* |

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

| Tulang-Pananaliksik | Gabay-Bibliya | Tanong-Nilay |
|---|---|---|
| XII<br>**Pagkamatay** | **Juan 19:30**<br>"Nang matanggap nga ni Jesus ang suka, ay sinabi niya, Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang kaniyang hininga." | *Nawawalan ba tayo ng pag-asa sa panahon ng pagsubok?* |
| XIII<br>**Paghimlay** | **Mateo 27:59-60**<br>"At kinuha ni Jose ang bangkay at binalot niya ng isang malinis na kayong lino, 60 At inilagay sa kaniyang sariling bagong libingan, na kaniyang hinukay sa bato: at iginulong niya ang isang malaking bato sa pintuan ng libingan, at umalis." | *Ang pananampalataya ba natin ay ating kinakapitan sa mga panahong may pagsubok sa ating buhay?* |
| XIV<br>**Pagkabuhay** | **Mateo 28:6**<br>"Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya. Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang dakong kinalagyan ng Panginoon." | *Gaano kalalim ang ating pananampalataya sa Poong Hesus na muling nabuhay?* |

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

# Epilogo
## *Ang Yaman at Mga Hamon ng Katekistang-Lingkod*

***Antabayanan ang laman ng bahaging ito na isasapubliko online kapag ang texto ay handa nang ibahagi.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

## MGA TAGASALIN

BIKOL

- **Erlinda Balaora**, katekista mula sa *Diyosesis ng Sorsogon.*
- **Ma. Danielle Villena**, nag-aral ng Sosyolohiya sa *University of Santo Tomas*, at multimedia officer ng *NCS 2021: PARI Project.*

BISAYA at HILIGAYNON

- **Fr. Nelson S. Plohimon, OAR**, lider-kateketikal mula sa *Archdiocese of Cebu.*

BISAYA

- **Ma. Cecilia L. Balajadia**, katekista, guro ng Teolohiya sa *Institute of Religion* at research associate ng *NCS 2021: PARI Project* sa ilalim ng *Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)* ng *University of Santo Tomas.*
- **Msgr. Maximo Sarno**, lider-kateketikal mula sa *Archdiocese of Davao.*

HILIGAYNON

- **Ray Anthony Bofill**, dalubhasa sa Sikolohiya at guro ng Teolohiya ng *Senior High – University of Santo Tomas.*
- **Cynthia P. Tendencia**, katekista sa Pilipinas at sa Brunei, isang experto sa edukasyon, at ngayon ay retirado sa Halifax, Nova Scotia, Canada.

IBANAG at ILOCANO

- **Fr. Carlos C. Villanueva**, lider-kateketikal at tagapayo ng mga katekista sa Diyosesis ng Ilagan.

ILOCANO

- **Florence C. Navidad**, experto sa larangan ng edukasyon at kalusugan, guro sa *Faculty of Pharmacy* at research associate ng NCS 2021: PARI Project sa ilalim ng *RCSSED* ng *University of Santo Tomas.*
- **Rolando O. Dela Cruz**, guro, nagpapakadalubhasa sa larangan ng edukasyon sa *Cagayan State University*, at sa kabila ng pagiging bulag, nag-volunteer para magsalin ng mga tulang-pananaliksik.

KAMPANGANGAN

- **Charles Henry C. Espiritu**, guro at lider-kateketikal ng *Arkidiyosesis ng Pampanga.*

PANGASINAN

- **Norma Villapa**, naging katekista sa *Arkidiyosesis ng Lingayen-Dagupan.*
- **Corazon Targa**, naging katekista sa *Arkidiyosesis ng Lingayen-Dagupan.*

WARAY

- **Ma. Joselyn Año-Cabato**, guro sa pampublikong paaralan at tumutulong sa mga katekista sa *Diyosesis ng Borlongan.*
- **Gloria Año-Oray**, principal sa pampublikong paaralan at lider kateketikal sa *Diyosesis ng Borlongan.*

ENGLISH

- **Luciana L. Urquiola**, experto sa wikang English at guro sa *Faculty of Arts and Letters, University of Santo Tomas.*
- **Jeanette P. Grajo**, experto sa wikang English at guro sa *Faculty of Arts and Letters, University of Santo Tomas.*

ESPAÑOL

- **Abigail T. Pagalilauan**, experto sa wikang-Español at guro sa *Faculty of Arts and Letters, University of Santo Tomas.*

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.

*"Ito po ang aking paanyaya sa lahat nang mabibigyan ng pagkakataong basahin at pagnilayan ang librong ito, ang koleksyon ng mga tulang- pananaliksik hango sa mga datos ng buhay ng mga katekista batay sa NCS 2016-2018 na sinulat ni Dr. Clarence M. Batan na mula sa Filipino ay isinalin sa sampung wika.*

*Tunay ngang maituturing na kayamanan ng ating Simbahan ang mga Katekista, kaya mabuti pong ipagkaloob natin sa kanila ang tamang pagpapahalaga, pagkilala at paggalang. Mabuhay po ang ating mga katekista sa buong Pilipinas!*

*Nawa'y sa bawat tulang inyong mababasa, isang dasal din ang inyong masambit – para sa ating mga katekista, para sa ating Simbahang Katoliko.*

*Pagpalain tayong lahat ng Poong Maykapal kasama ng ating Mahal na Inang Maria, Amen."*

Hango sa *Paanyaya: Kwentong Katekista*
*ni Bishop Roberto C. "Bobet" Mallari, DD*
*Chair, CBCP-ECCCE*
*Bishop, Diocese of San Jose de Nueva Ecija*

## TUNGKOL SA MAY-AKDA

**Clarence M. Batan**, isang sociologist sa larangan ng kabataan, edukasyon, trabaho, at Katolisismo, partikular sa larangan ng *catechetical ministry*. Naging *research director*, kasalukuyang Propesor sa Sosyolohiya at *Coordinator* ng *Department of Sociology* sa *Faculty of Arts and Letters, University of Santo Tomas*; naging *Project Lead* ng *National Catechetical Study (NCS) 2016-2018*, and ngayon, *Principal Investigator* ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project*. Isang tagahanga ng mga katekistang Pilipino ng Simbahang Katoliko.

PREPUBLICATION ONLINE DRAFT. No part of this document may be reproduced in any form.